NEW MUSLIM ACADEMY



# ANG OBLIGADONG KAWANG-GAWA (ZAKAH)

Ang obligadong kawang-gawa, Zakah, ay isa sa limang haligi ng Islam. Ito ay madalas na tinutukoy bilang ikatlong haligi ng Islam gaya ng madalas na binabanggit ang hanay na ito sa mga pahayag ni Propeta Muhammad (SAWS). Sa paraang nauugnay sa wika, ang salitang 'Zakah' ay nangangahulugan ng kadalisayan at pag-unlad/pagtaas. Ito ay ginagamit upang ilarawan ang obligadong kawang-gawa dahil ang obligadong kawang-gawa ay nagpapadalisay ng kayamanan, at nagdadala ng mga biyaya ng Allah na humahantong sa pagdami ng kabutihan at gantimpala. Ang salitang 'Zakah' kadalasan ay ginagamit lamang upang ilarawan ang obligadong kawang-gawa, samantalang ang salitang 'Sadaqah' ay ginagamit upang ilarawan ang kusang-loob na kawang-gawa o donasyon.



Ang obligadong kawang-gawa ay dapat bayaran taun-taon. Ito ay isang obligasyon sa bawat Muslim na may kakayahang magbayad nito sa pamamagitan ng pagtugon sa pinakamababang halaga ng kayamanan (mga ipon) at pagkakaroon nito sa isang buong taon ng Lunar. Ang hindi pagbabayad ay isang malaking kasalanan sa Islam. Sinabi ng Allah, "Sa mga naniniwala sa Allah at Kanyang Sugo, ang pagkilos bilang pagsunod sa sagradong batas, ay sinabi na marami sa mga Gurong Hudyo at mga Kristiyanong Pari ay hindi makatarungang kinukuha ang kayamanan ng mga tao, sa pamamagitan ng mga bagay tulad ng pagtanggap ng mga suhol, at pagpigil sa mga tao mula sa pagpasok sa landas ng Allah; nangongolekta din sila ng ginto at pilak ng hindi ito dinadalisay sa pamamagitan ng pagbibigay ng kawang-gawa. Sinabihan si Propeta Muhammad (SAWS) na ipabatid sa kanila ang malagim na parusa na ibibigay sa kanila Sa Araw ng Paghuhukom." [9:34]



Ang Zakah, obligadong kawang-gawa, ay nakatalaga sa mga ipon na hawak, kaya ang sinumang umabot sa pinakamababang halaga ay dapat itong bayaran, kahit na bata pa ang isang tao o baliw. Sa huling dalawang kaso, ang kanilang mga tagapangalaga ay may pananagutan sa pagbabayad ng obligadong kawang-gawa. Ang pinakamababang halaga na itinakda ay batay sa ginto at pilak na siyang dalawang pangunahing uri ng salapi sa panahon ng rebelasyon ng Qur’an at para sa karamihan ng kasaysayan ng tao. Ang pinakamababang halaga para sa ginto ay 85 gramo at para sa pilak ay 595gramo. Ang salapi sa ating kapanahunan ay batay sa alinman sa dalawa na mas kakaunti, na kadalasan ay pilak. Dahil ang halaga ng ginto at pilak ay pabagu-bago, dapat mong alamin ang halaga sa araw na nakatakda ang iyong obligadong kawang-gawa.  Ang obligadong kawang-gawa ay itinalaga rin sa mga alagang hayop at ani ng agrikultura, gayundin sa mga negosyo para sa mga nasa trabahong ito.

Ang obligadong kawang-gawa ay dapat bayaran sa itinalagang petsa ng bawat Islamikong kalendaryo. Ito ay karaniwang sa petsa kung kailan mo unang nabayaran ang pinakamababang halaga at ang obligadong kawanggawa ay dapat bayaran. Karamihan sa mga Muslim ay pinipili ang buwan ng Ramadan  nguni’t ito ay hindi kinakailangan, at sa katunayan ang ibang mga buwan ay maaaring mas mainam dahil ang mga mahirap at kapus-palad ay nangangailangan ng tulong sa buong taon.

Mayroong walong kategorya ng mga tao kung saan ibinibigay ang obligadong kawang-gawa. Ang mga ito ay binanggit sa kabanata 9:60. Una, sila ay ang mga mahihirap, ito ay mga taong walang salapi o kakaunti ang mga ito, kaya nahihirapan sila sa araw-araw. Pangalawa, ang mga nangangailangan, ang mga taong ito na may kaunting kayamanan, nguni't hindi sapat na makamit ang kanilang pangunahing mga pangangailangan. Ang ikatlong kategorya ay ang mga tagapangasiwa, sila ang mga tao na namumuno sa koleksyon at pamamahagi ng obligadong kawang-gawa sa isang Islamikong bansa, at kaya nangangailangan ng sahod para sa kanilang trabaho.

Ikaapat, mayroon tayong mga kailangang makipagkasundo sa pananampalataya, sila ang mga taong bagong yakap sa Islam at ang resulta ay pinutol ang kanilang kayamanan o nagmula sa mahirap na mga pamilya, at nangangailangan ng pinansyal na tulong. Ito rin ay maaaring ibigay sa ilang partikular na mga tao sa pag-asang maibabalik ang kanilang mga puso sa Islam. Ang ika-limang kategorya ng mga tao ay ang mga alipin na nangangailangan ng pagpapalaya, ito ay ang mga alipin o ang mga nasa pagkaalipin na may pagkakataong bilhin ang kanilang kalayaan ay maaaring matulungan sa pamamagitan ng obligadong kawang-gawa. Ang ika-anim na grupo ay ang mga nasa pagkakautang, ito ang mga tao na may mga pagkakautang at sila ay maaaring tulungan sa pamamagitan ng obligadong kawang-gawa. Ika-pito, pagbibigay para sa kapakanan ng Allah - ito ay para tulungan ang mga nagsusumikap para sa kapakanan ng Islam. Ang ika-walo at huling grupo ay ang mga hindi makauwing manlalakbay, ito ay partikular para sa mga manlalakbay na hindi makauwi sa isang lupaing banyaga, naubusan ng salapi at hindi makakuha sa kanilang pondo, upang matulungan silang makabalik sa tahanan.

Mayroon ding ilang mga tao na hind pinapayagang tumanggap ng obligadong kawang-gawa. Ang mga tao na umaasa sa iyo ay hindi maaaring bigyan ng obligadong kawang-gawa. Halimbawa, ang isang anak na lalaki ay kailangang suportahan ang kanyang mga magulang kung siya ay may kakayahan, at sila ay walang ibang mapagkukunan ng suporta. Gayundin, ang isang asawa ay dapat suportahan ang kanyang maybahay at mga bata. Ang mga inapo ni Propeta Muhammad (SAWS) ay hindi karapat-dapat tumanggap ng obligadong kawang-gawa kapag ang bansa ay ibinibigay sa kanila kung ano ang nakalaan para sa kanila. Sa kawalan ng ganitong kaayusan, sila ay maaaring tumanggap ng Zakah kung sila ay isa sa walong nasa mga kategorya.  Sinasabi na karamihan sa mga Muslim na iskolar na ang mga tumatanggap mula sa nasa itaas na walong mga kategorya ay dapat na mga Muslim. Ang mga mahihirap na Muslim ay maaaring tumanggap ng kusang-loob na kawang-gawa.

Kapag ang petsa ng obligadong kawang-gawa (Zakah) ay sumapit na , ito ay dapat bayaran kaagad o sa mas madaling panahon. Ang pagpapaliban sa obligadong kawang-gawa ay dapat iwasan, dahil ang responsibilidad ay mananatili sa iyong mga balikat hanggang sa ito ay mabayaran. Higit pa dito, ang mga mahihirap, mga nangangailangan, at ang iba pang mga tumatanggap ay kailangan ang pinansyal na tulong na ito at suporta, at ang pagkaantala nito ay lalong nakakasama sa kanila.

Ang obligadong kawang-gawa ay dumadalisay sa ating mga kayamanan, dahil maaari tayong magkasala ng hindi sinasadya habang iniipon o ginugugol ang kayamanan na ito. Tinuturuan tayo nito na isakripisyo ang ating pagmamahal sa kayamanan, na para sa karamihang mga tao ay isang malaking suliranin. Sa pamamagitan ng pagbibigay lamang ng maliit na porsiyento, ay ipinapakita natin na ang ating pagmamahal sa Allah ay mas higit kaysa sa anumang pagmamahal na mayroon tayo para sa makamundong mga pag-aari. Higit pa dito, ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng sukatan ng pagkakaisa sa mga hindi gaanong pinalad, at pagpapahalaga sa biyaya ng kayamanan kung saan hindi tinatamasa ng marami sa buong mundo



SCAN ME